

7

Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwartar 1

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7
Kuarter 1: Aralin 5 (Linggo 6)
SY 2024-2025

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo

Manunulat: Rochelle R. Dechavez

Tagasuri: Amabel T. Siason

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.


VALUES EDUCATION/ KUWARTER 1 / BAITANG 7

• NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtitipid at pag-iimpok bilang sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagtitipid at pag-iimpok para tulungan ang kapuwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan upang malinang ang mabuting katiwala.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Nakapagsasanay sa pananalig sa pagiging mabuting katiwala sa pamamagitan ng pagsisinop ng lahat ng bagay upang mapakinabangan hindi lamang ng sarili kundi ng kapuwa at pamayanan. A. Nakapag-uugnay sa kahalagahan sa pagtitipid at pag-iimpok sa sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos. B. Naipaliliwanag na ang pagtitipid at pag-iimpok bilang sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos ay pagiging mabuting katiwala ng mga kaloob Niya na magagamit sa pagtulong sa kapuwa at pamayanan. C. Naisasakilos ang pagtitipid at pag-iimpok upang tulungan ang kapuwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan.
D. Lilinanging Pagpapahalaga	Mabuting Katiwala (<i>Good Stewardship</i>)
E. Nilalaman	Pagtitipid at Pag-iimpok Bilang Sariling Pangangasiwa sa mga Biyaya ng Diyos
F. Integrasyon	<i>Inflation Rate (Economics), Wastong Pagbabahagdan (Mathematics)</i>

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- Abarquez, M.A (2018, November 25). Pag-iimpok. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=gB2wJ-0DngU>
- Blue Fin Lending Asia Inc. (n.d.). <https://bluefin.com.ph/bakit-mahalaga-mag-ipon/#:~:text=Ang%20pag%20Diipon%20ng%20pera,pamilya%20sa%20oras%20ng%20kagipitan.>
- Carla. (2019, August 24). My Wise Finances. Pinterest. <https://www.pinterest.com/pin/641622278144423519/>
- Manlapaz, I. M. (2023, December 12). Paano Mag-Ipon: 8 Tips Para Makaipon Nang Malaki. theAsianparent Philippines: Your Guide to Pregnancy, Baby & Raising Kids. <https://ph.theasianparent.com/paano-makaipon-ng-pera>
- Paano, Bakit, Kailan, at Saan Mag-iipon ng Pera. (2020, July 1). <https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2020/07/digital-only-young-adults/the-how-why-when-and-where-of-saving-money?lang=tgl>
- Paano nga ba maka-ipon ng pera? (2022, February 7). Lista. <https://www.lista.com.ph/post/paano-nga-ba-maka-ipon-ng-pera>
- PAG-IIMPOK NG SALAPI: ALAMIN ANG KAHALAGAHAN! (2016, January 26). Nmaeguinto. <https://nmaeguinto.wordpress.com/pag-iimpok-ng-salapi-alamin-ang-kahalagahan/>
- Pandiño M., Guasa E., De Leon L., Beltran N., De Guzman M., Eustaquio O., Lacuna J., Gatdula E., & Ambat V. (2020). Edukasyong Pagpapakatao (Teaching Guide on Financial Literacy). Bangko Sentral ng Pilipinas.



III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA sa GURO
Pagkuha ng Dating Kaalaman	UNANG ARAW 1. Maikling Balik-aral Paramihan! Panuto: Isa sa mga paraan ng pagpapatatag ng pananampalataya sa kabila ng mga hamon sa buhay ay ang paghahanap ng mga bagay na dapat nating ipagpasalamat. Sa loob ng isang minuto, itala sa inyong kuwaderno ang lahat ng mga bagay na iyong pinagpapasalamat sa araw-araw. Pagkatapos ay bigyan ng pagkakataon na magbahaginan ng sagot ang mga mag-aaral.	

Paglalahad ng Layunin	1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin <i>Venn Diagram</i> Panuto: Panoorin ang isang maiksing palabas ni Mark Anthony Abarquez noong 2018 na pinamagatang pag-iimpok. Alamin kung ano-ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang taong nasa bidyo at itala ito sa loob ng isang <i>Venn diagram</i>.  Mga Pamprosesong Katanungan: 1. Ano ang mga pangunahing pagkakaiba sa mga pananaw ng dalawang tao pagdating sa pag-iimpok ng pera? 2. Sino sa dalawang nasa bidyo ang masasabi mong mas mainam na humawak ng pera? Bakit? 3. Paano ginagamit ng bawat isa ang kanilang pera sa pang-araw-araw na pamumuhay? Mayroon bang mga pagkakaiba sa kanilang mga gastusin?	Mapapanood ang bidyo sa <i>link</i> na ito: https://www.youtube.com/watch?v=gB2wJ-0DngU&pp=ygUoZXBl a3RvIG5nIGhpbmRplHBhZ3RpdGlwaWQgYXQgcGFnLWlpbXBvaw%3D%3D
-------------------------------------	--	---

2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin

Piggy Bank of Words

Panuto: Magbigay ng mga salitang maiuugnay sa bawat salitang nasa loob ng *piggy bank*. Isulat ang inyong sagot sa loob ng mga bilog na hugis barya.



Kahulugan ng bawat salita:

PAGTITIPID – Ang paggamit ng mga pinagkukunan, tulad ng pera o iba pang yaman, nang may karampatang pag-iingat at pagpapahalaga.

PAG-IIMPOK – Ang pagtatabi o pag-aakma ng isang bahagi ng kinikita o iba pang pinagkukunan para sa hinaharap na pangangailangan o layunin.

Paglinang at Pagpapalalim	IKALAWANG ARAW Kaugnay na Paksa 1: Pagtitipid at Pag-iimpok Bilang Sariling Pangangasiwa sa mga Biyaya ng Diyos I. Pagproseso ng Pag-unawa Kahalagahan ng Pagtitipid at Pag-iimpok sa Ating Buhay Mahalagang mag-ipon ng pera dahil walang katiyakan ang hinaharap. Ang pag-iipon ng pera ay isang mahalagang aspekto sa pagkakaroon ng ligtas na pinansyal na hinaharap. Ang pagkakaroon ng ipon na pera ay nakapagbibigay ng pagkakataon na magkaroon ng maginhawang pamumuhay. Maaaring makatulong ito sa'yo o sa iyong buong pamilya sa oras ng kagipitan. Ang pag-iipon ng pera ay mahalaga para sa lahat – gaano man kalaki ang kita at anoman ang estado sa buhay. Hindi hadlang ang pagiging mahirap upang makapag-ipon ng pera. Tamang disiplina at maayos na pagbabadyet ng pera ang isa sa mga susi upang makapagsimula na mag-ipon. Mas mainam na habang bata pa ay matutuhan ng mag-ipon upang mas maging <i>financially secured</i>. Narito ang ilang mga dahilan kung bakit mahalaga mag-ipon. • Nagbibigay ng pananagutan at seguridad sa hinaharap. • Nagpapalakas ng kakayahan na harapin ang mga hindi inaasahang pangyayari. • Nagtuturo ng disiplina sa paggastos at pangangalaga sa pinaghirapang pera. • Nagpapalaya sa pagkakaroon ng <i>financial independence</i>. • Nagpapahusay sa kakayahan sa pamamahala ng pera at pagpaplano. Papaano nga ba tayo unti-unting makapag-iipon?	

	Alamin ang Iyong Personal Budget Dapat ay gamay mo ang iyong personal na badyet. Alam mo dapat kung saan galing lahat ng pera mo at ang kabuoan nito. Higit sa lahat, alamin mo kung ano ang iyong mga ginagastos. Gumawa ng Savings Goals Mahirap gawin ito kung pabago-bago ka ng isip. Kung talagang determinado ka, dapat mayroon kang malinaw na halaga na ilalaan lamang para sa iyong <i>savings</i>. Subukan ang 70-20-10 Rule Kung ikaw ay nagtatrabaho na at sumusweldo, 70% ay ilaan mo para sa pangunahing pangangailan mo at ng pamilya mo. 20% para sa iyong ipon at 10% sa <i>tithing</i> o pagbabalik ng grasya sa Diyos. Kung ikaw naman ay mag-aaral pa lamang at nakakakuha ng baon, 70% ay ilaan mo sa iyong mga higit na pangangailangan tulad ng pamasahang at pagkain. 20% para sa iyong ipon, at 10% sa <i>tithing</i> (pagbabalik ng grasya sa Diyos) o sa pagtulong sa mga nangangailangan. Narito ang isang halimbawa kung paano ang pagkuha ng bawat bahagdan kung ang baon mo ay limampung (50) piso sa isang araw. 70% ng 50 piso: $.70 \times 50 = 35$ piso 20% ng 50 piso: $.20 \times 50 = 10$ piso 10% ng 50 piso: $.10 \times 50 = 5$ piso Gumamit ng 24-Hour Rule Ito ay tinatawag ding <i>delayed gratification strategy</i> nang sa gayon ay maiwasan mo ang <i>impulse buying</i>. Paano ka makapag-iipon kung mahilig kang mamili? Kung bibili ka ng isang bagay (lalo pa't mahal), magpalipas muna ng 24 oras bago tuluyang bilhin ito. Mainam ito sapagkat mapag-iisipan mo nang mabuti kung kailangan mo ba talaga itong bilhin o nais mo lamang na magkaroon nito. Magkaroon ng Emergency Fund Mahalaga ito nang sa gayon ay hindi mo magalaw ang iyong <i>savings</i> kung mayroon mang biglaang <i>emergency</i> na kailangan mong pagkagastusan. Ang pagkakaroon ng ipon ay nakatutulong din sa panahon ng mataas na <i>inflation</i> o mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilingin. Tumutulong ito sa mga indibidwal na magtayo ng pondo para sa mga hindi inaasahang gastusin.	70-20-10 Rule Hayaan ang mga mag-aaral na gamitin ang 70-20-10 <i>rule</i> sa pagbabahagdan ng kanilang baon. Inflation Rate Talakayin ang kahulugan ng <i>inflation rate</i> at kung paano ito nakakaapekto sa pamumuhay
--	---	---

	Ang pondo na ito ay maaaring proteksyon laban sa pagkakaroon ng utang o pagkakaroon ng pangangailangang ibenta ang mga ari-arian sa panahon ng mga hamon sa buhay. Ang pag-iimpok ng pera ay dapat maging bahagi ng ating araw-araw na gawain. Obserbahan mo ang iyong sarili. Magdudulot din ito ng katahimikan ng isipan dahil sa pagkakaroon ng <i>savings</i>, lalo na sa mga oras ng mga hindi inaasahang pangyayari. Hindi kinakailangang maging mayaman upang magkaroon ng ipon. Kahit isang simpleng tao ay maaaring maglaan ng pondo. Simulan ito nang paunti-unti. Tandaan, mayroon kang pangarap para sa iyong hinaharap! Mga Pamprosesong Tanong: 1. Anong mga kilos ng pagtitipid at pag-iimpok mula sa gawain ang iyong ginagawa? 2. Ano ang kabutihang naidulot ng pagsasagawa ng mga ito sa iyo? sa iyong pamilya? sa kapuwa? o sa pamayanan? 3. Naniniwala ba kayo na ang pagtitipid at pag-iimpok ay tanda ng mabuting pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos? Ipaliwanag ang sagot. II. Pinatnubayang Pagsasanay TUNAY O SABLAY Panuto: Ang bawat mag-aaral ay maghahanap ng kapareha. Paaaminin ang mga ito sa pamamagitan ng paglalagay ng pulbos o <i>powder</i> kung sakaling ginagawa nila ang sumusunod na situwasyon. Paalala na dapat maging tapat sa pagsagot at iwasan ang magkasakitan. Mga situwasyon: • Dumadaan sa <i>computer shop</i> para maglaro ng <i>online games</i>. • Nanonood ng telebisyon habang abala sa <i>social media</i> tulad ng <i>YouTube</i>, <i>Reels</i>, <i>Tiktok</i>, <i>Facebook</i>, atbp. • Parating nagbubukas ng <i>refrigerator</i> kahit wala namang kukunin. • Mas gustong bumili ng pagkain sa <i>fastfood</i> kaysa sa karinderya.	ng tao para sa karagdagang kaalaman at mas malawak na pang-unawa ng mga mag-aaral. TUNAY O SABLAY Alamin kung may mga mag-aaral na <i>allergic</i> sa pulbos. Maghanda ng alternatibong pamamaraan sa pagsasagawa ng gawaing ito para sa ganitong situwasyon.
--	---	---

- Nanlilibre sa kaklase ng pamasahe.
- Bumibili ng gamit kahit hindi kailangan.
- Mas gusto ang *imported* na gamit kaysa *local*.
- Hindi bumibili sa ukay-ukay.
- Madalas kumain sa labas.
- Napadadalas ang pag-order sa Shopee o Lazada.

Mga Pamprosesong Katanungan:

1. Alin sa mga gawaing ito ang madalas ninyong ginagawa ng iyong kapareha? Paano ang mga ito nakakapekto sa inyo? sa ibang tao?
2. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na magbigay ng payo sa iyong kapareha para mas mahikayat mo siyang magtipid at mag-impok, ano ang sasabihin mo sa kaniya?
3. Maliban sa mga natukoy na pamamaraan sa pagtitipid at pag-iimpok, ano pa ang maaari mong maisagawa upang maisabuhay ang mga pagpapahalagang ito?

IKATLONG ARAW

III. Paglalapat at Pag-uugnay

OPLAN TIPID BAON

Panuto: Sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba, bumuo ng isang *budget plan* ng inyong baon na nakabatay na rin sa tinalakay na pagtitipid at pag-iimpok.

Halimbawa: 70-20-10 Rule

Halaga ng Baon: 50 (sa isang araw)

70% ng 50 piso: 35 piso

20% ng 50 piso: 10 piso

10% ng 50 piso: 5 piso

Paano mo gagamitin ang mga halagang ito? Ipakita sa iyong OPLAN TIPID BAON.

OPLAN TIPID BAON

Halaga ng Baon sa Isang Linggo:

OPLAN TIPID BAON

Sa gawaing ito, kung ang mag-aaral ay hindi nabibigyan ng pera at pagkain mismo ang nagiging baon sa araw-araw, maaaring gawin ng guro ang sumusunod:

a. Hahayaan ang mag-aaral na siya ay magkaroon ng maikling panayam sa kanilang tahanan at alamin kung papaano rin hinahati-hati ang kanilang pera

	<table><tr><td colspan="6"></td></tr><tr><td></td><td>Lunes</td><td>Martes</td><td>Miyerkules</td><td>Huwebes</td><td>Biyernes</td></tr><tr><td>Mga Bibilhin at Halaga Nito</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>Kabuoan:</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td colspan="6">Perang Natipid:</td></tr><tr><td colspan="6">Paano mo matutulungan ang iyong kapuwa at pamayanan gamit na rin ang perang iyong naimpok?</td></tr><tr><td colspan="6"></td></tr></table>								Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Mga Bibilhin at Halaga Nito						Kabuoan:						Perang Natipid:						Paano mo matutulungan ang iyong kapuwa at pamayanan gamit na rin ang perang iyong naimpok?												upang nang sa gayon ay makabuo rin ng kaniyang sariling <i>budget plan</i>. b. Maaaring bigyan ang mga mag-aaral ng ispesipikong halaga ng pera. Halimbawa ay 50 piso na siyang karaniwan ding halaga ng baon ng mga mag-aaral ngayon sa <i>high school</i>.
	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes																																							
Mga Bibilhin at Halaga Nito																																												
Kabuoan:																																												
Perang Natipid:																																												
Paano mo matutulungan ang iyong kapuwa at pamayanan gamit na rin ang perang iyong naimpok?																																												
Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto Munting Paalala	Maaaring makita ang larawan sa <i>link</i> na ito: https://www.pinterest.com/pin/641622278144423519/																																										



Sa kasalukuyang panahon, patuloy na tumataas ang presyo ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, kasuotan, tubig, kuryente, renta ng bahay, gasolina, at iba pa. Ang pagtaas ng presyo ay nagiging regular na karanasan, at hindi tiyak kung kailan ito bababa o patuloy na tataas sa mga susunod na araw. Sa ganitong kalagayan, mahalaga na maging mapanuri at mapanagot sa paggastos. Kailangan nating magtipid, mag-ipon, at limitahan ang mga hindi kailangang gastos upang makapaglaan ng sapat na pondo para sa hinaharap. Subalit, sa kabila ng mga paalalang ito, madalas na napapabayaang natin ang mga ito, lalo na bilang mga mag-aaral. Sa mga pagkakataong may mga biglaang plano kasama ang mga kaibigan o biglaang bayarin sa paaralan, madalas nating nakakalimutan ang mga pangunahing prinsipyo ng pagtitipid at pag-iimpok. Tulad ng sinasabi ng isang kasabihan, **"Ubos-ubos biyaya, bukas nakatunganga."** Sa ganitong paraan, napapabayaang natin ang mga prayoridad at mahahalagang bagay.

Mga Katanungan:

1. Kung ang lahat ng tao sa ating pamayanan ay matututong magtipid at mag-iimpok ng pera, ano sa iyong palagay ang positibong epekto nito sa ating lipunan?
2. Alin sa mga pinag-aralang hakbang ang maaari mong gawin upang makatipid at makapag-ipon sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo?

	3. Ano ang mga potensyal na kahihinatnan ng hindi pagiging mapanuri at mapanagot sa paggastos, lalo na sa mahihirap na panahon tulad ng patuloy na pagtaas ng presyo? 2. Pagninilay sa Pagkatuto DUGTUNGAN MO Panuto: Kumpletuhin ang pahayag na nasa ibaba. <i>Mahalaga na tayong lahat ay magtipid upang</i>	
--	--	--

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA sa GURO
Pagtataya	IKAAPAT NA ARAW I. Pagsusulit A. Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat pangungusap. Tukuyin kung ito ba ay TAMA o MALI. 1. Ang pag-iipon ng pera ay hindi mahalaga dahil ang hinaharap ay may katiyakan. 2. Dapat maging <i>financially secured</i> ang isang tao kahit hindi siya nag-iipon ng pera. 3. Ang pag-iipon ng pera ay hindi hadlang sa pagkakaroon ng <i>financial independence</i>. 4. Ang 70-20-10 rule ay hindi aplikable sa mga mag-aaral. 5. Ang 24-hour rule ay ginagamit upang maiwasan ang impulse buying.	Mga Sagot: 1. Mali – Mahalaga ang pag-iipon ng pera dahil walang katiyakan ang hinaharap. 2. Mali – Ang pag-iipon ng pera ay nakakatulong sa pagkakaroon ng <i>financial security</i>. 3. Tama – Ang pag-iipon ng pera ay nagpapahusay sa kakayahan sa pamamahala ng pera at

	6. Mahalaga ang <i>emergency fund</i> para sa hindi inaasahang pangyayari. 7. Ang pag-iimpok ng pera ay hindi dapat maging bahagi ng araw-araw na gawain ng isang tao. 8. Hindi kinakailangang maging mayaman upang magkaroon ng ipon. 9. Ang pag-iimpok ng pera ay hindi nagbibigay ng katahimikan ng isipan. 10. Ang pag-iimpok ng pera ay hindi nagpapahusay sa kakayahan sa pamamahala ng pera. B. Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Araw-araw ay nagtatabi ka ng sampung piso mula sa iyong baon at inilalagay mo ito sa iba pang pitaka. Iniipon mo ito sapagkat nais mong ikaw ang bumili ng iyong sariling mga gamit sa susunod na taon ng iyong pag-aaral. Isang araw ay inaya ka ng iyong matalik na kaibigan na sumama sa isang <i>swimming</i> kasama ng iba pa ninyong mga kaklase. Nag-aalangan ka sapagkat alam mong papayagan ka ngunit hindi ka bibigyan ng pera ng iyong mga magulang. Ano ang gagawin mo? Sa bawat huling araw ng buwan ay pumupunta ka ng bangko upang ihulog lahat ng iyong naiipon. Malaki-laki na ang iyong naiipon at hindi mo ito ginagalaw sapagkat nais mo pa itong lumaki. Isang araw, narinig mo ang iyong nanay at nakatatandang kapatid na nagtatalo sapagkat nais ng iyong ate na sumama sa kanilang <i>fieldtrip</i> ngunit wala siyang pera. Nakita ka niya at nakiusap kung maaari ba niyang hingin ang iyong inipong pera. Ano ang gagawin mo? II. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin	nagpapalaya sa pagkakaroon ng <i>financial independence</i>. 4. Mali – Ang 70-20-10 <i>rule</i> ay maaaring aplikable sa mga mag-aaral depende sa kanilang pangangailangan. 5. Tama – Ang 24-hour <i>rule</i> ay ginagamit upang magpalipas ng panahon bago bumili upang maiwasan ang impulse buying. 6. Tama – Ang <i>emergency fund</i> ay mahalaga upang matugunan ang mga biglaang pangangailangan. 7. Mali - Ang pag-iimpok ng pera ay dapat maging bahagi ng araw-araw na gawain ng isang tao. 8. Tama – Kahit isang simpleng tao ay maaaring maglaan ng pondo para sa kanyang kinabukasan. 9. Mali – Ang pag-iimpok ng pera ay nagdudulot ng katahimikan ng isipan lalo na sa oras ng mga hindi inaasahang pangyayari. 10. Mali – Ang pag-iimpok ng pera ay nagpapahusay sa kakayahan sa pamamahala ng pera at pagpapalano. Sa ikalawang bahagi, kinakailangang basahin ito isa-isa ng guro upang mabigyan ng grado ang bawat mag-aaral.
--	---	--

	Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang hanay na naaayon sa kung ano ang aktwal mo na ginagawa. <table border="1" data-bbox="448 242 1646 632"> <thead> <tr> <th>Mga Gawain</th> <th>Palagi</th> <th>Minsan</th> <th>Hindi Ginagawa</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1. Iniingatan ko ang aking mga gamit upang hindi ako laging bibili ng bago.</td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>2. Iniiwasan kong magkasakit upang hindi gumastos sa mga gamot.</td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>3. Nag-iimpok ako ng pera sa alkansya.</td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>4. Iniimpok ko ang pera sa bangko.</td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>5. Hindi ako bumibili ng sobrang pagkain na hindi ko naman mauubos.</td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> </tbody> </table> Mga Pamprosesong Katanungan: 1. Ano-ano pa ang iba mong paraan sa pagtitipid ng pera? Ibahagi. 2. Ano ang mga hadlang na hinaharap mo sa pag-iimpok ng pera? 3. Paano mo masosolusyonan ang mga problemang ibinahagi mo sa ikalawang bilang?			Mga Gawain	Palagi	Minsan	Hindi Ginagawa	1. Iniingatan ko ang aking mga gamit upang hindi ako laging bibili ng bago.				2. Iniiwasan kong magkasakit upang hindi gumastos sa mga gamot.				3. Nag-iimpok ako ng pera sa alkansya.				4. Iniimpok ko ang pera sa bangko.				5. Hindi ako bumibili ng sobrang pagkain na hindi ko naman mauubos.				
Mga Gawain	Palagi	Minsan	Hindi Ginagawa																									
1. Iniingatan ko ang aking mga gamit upang hindi ako laging bibili ng bago.																												
2. Iniiwasan kong magkasakit upang hindi gumastos sa mga gamot.																												
3. Nag-iimpok ako ng pera sa alkansya.																												
4. Iniimpok ko ang pera sa bangko.																												
5. Hindi ako bumibili ng sobrang pagkain na hindi ko naman mauubos.																												
Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat																								
	Estratehiya																											
	Kagamitan																											
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral																											

	At iba pa			maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.
Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.